# Ang Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas

MATERYAL NG SEMINARY SA BAGONG TIPAN

Ang mga sumusunod na scripture passage at pahayag ay nagtuturo tungkol sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo. Maglaan ng 10 hanggang 15 minuto upang mabasa nang mabuti ang mga source na ito (o ang iba pang mga source tungkol sa Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas na interesado kang pag-aralan o nahanap mo bago ang lesson na ito). Habang nagbabasa ka, isipin kung paano ka natutulungan ng bawat isa sa mga source na ito na mas maunawaan kung ano ang nagawa ng Ama sa Langit at ni Jesucristo para sa iyo at kung bakit Nila ito ginawa.

- Lucas 22:39–44
- Lucas 23:33–38, 44–46
- Juan 3:14–17
- Alma 7:11–13
- 3 Nephi 27:14
- Doktrina at mga Tipan 18:10–11
- Doktrina at mga Tipan 19:16–19

Itinuro ni Elder Tad R. Callister ng Pitumpu:



Ano kung gayon ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo? Sa isang banda, ito ay ang magkakasunod na mga banal na pangyayari na nagsimula sa Halamanan ng Getsemani, na nagpatuloy sa krus, at natapos sa Pagkabuhay na Mag-uli ng Tagapagligtas mula sa libingan. Ito ay ginawa dahil sa hindi kayang maunawaan na pag-ibig para sa bawat isa sa atin. Ito ay nangangailangan ng isang nilalang na walang kasalanan; na walang hanggan ang kapangyarihan sa mga elemento—maging sa kamatayan; na nagtataglay ng walang hanggang kakayahang pagdusahan ang mga ibinunga ng lahat ng ating mga kasalanan at sakit; at sa katunayan ay nagpakababa-baba sa lahat ng bagay [tingnan sa Doktrina at mga Tipan 88:6]. Ito ang misyon ni Jesucristo—ito ang Kanyang Pagbabayad-sala.

Ano kung gayon ang layunin nito? Ito ay upang gawing posible para sa atin na bumalik sa piling ng Diyos, maging mas katulad Niya, at magkaroon ng lubos na kagalakan.

Ito ay nagawa sa pamamagitan ng pagdaig sa apat na hadlang:

1. Pisikal na kamatayan
2. Espirituwal na kamatayan na dulot ni Adan at ng ating mga kasalanan
3. Ang ating mga paghihirap at sakit
4. Ang ating mga kahinaan at pagiging hindi perpekto

(Tad R. Callister, "Ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo," *Liahona*, Mayo 2019, 85)

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

© 2022 by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved. Bersyon: 2/21. Pagsasalin ng *The Savior's Atonement.*
Tagalog. PD60012661 893. Printed in the United States of America.